# Masayang Makatulong!




Gusto ko ang enchilada, math, at kulay na mint green. Ang mga magulang ko ay taga-Burundi, isang bansa sa East Africa. Ipinanganak ako sa isang refugee camp sa Tanzania. Naninirahan ako ngayon sa Utah, USA.



## ISANG ESPESYAL NA PANGALAN

*Nagsasalita ako ng Ingles at ng wikang tinatawag na Kirundi. Ang ibig sabihin ng apelyido ko ay "Lagi akong magpapasalamat sa lahat ng mayroon ako." Nagpapasalamat ako na malapit din ang tirahan ng marami sa mga kamag-anak ko.*

SOBRE MULA SA VVOEVALE/GETTY IMAGES





## KASAYAHAN SA PAMILYA

*Tuwing pista-opisyal, pumupunta kami ng pamilya ko sa bahay ni Lola para sa hapunan. Kumakain kami ng sambusas (pritong tinapay na may kanin o karne sa loob). Pagkatapos ay nagkukuwento ang mga magulang ko, nagtatambol ang tito at pinsan ko, at sumasayaw kami ng kapatid kong babae!*

## PAGTULONG SA KAPWA

*Paglaki ko, gusto kong maging nars. Pero sa ngayon makakatulong ako sa paglalaba, pagpapalit ng lampin ng bunsong kapatid kong babae, at paggawa ng homework ng kapatid kong si Sophie.*

*Mula sa interbyu ni Jordan Wright, Utah, USA*



## PAGPAPAKITA NG PAGMAMAHAL SA MGA BAGONG DATING NA BATA

- Kung hindi ka nagsasalita ng wika nila, humanap ng isang taong marunong magsalin.
- Matutong magsalita ng hello. Sa Kirundi, sabihing "Amakuru." Sa Swahili, sabihing "Jambo!"
- Anyayahan silang makipaglaro sa iyo.

## PAGTULONG SA MGA BAGONG DATING

*Gusto ko ring tumutulong sa Primary. Ang ilang bata sa branch namin ay nagsasalita ng Kirundi sa bahay, at ang ilan ay nagsasalita ng Swahili. Ingles ang gamit namin sa Primary. Kapag may mga bagong dating na bata sa Primary na Kirundi lang ang salita, isinasalin ko ang mga salita para sa kanila.*



## PADALHAN KAMI NG PUSO!

Paano mo sinusunod si Jesus sa pagpapakita ng pagmamahal? Padalhan kami ng puso na kasama ang iyong kuwento at larawan, pati na ang pahintulot ng magulang mo. Ipadala ito sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article") o mag-email sa liahona@ldschurch.org.